KASAGANA-KA
Mutual Benefit Association, Inc.

Resolution Bilang 54, Serye 2016

Resolusyon hinggil sa K-Kabataan Scholarship Program ng Kasaganaka MBA

SAPAGKAT, ang mga kawani, Board of Trustees at Area Coordinators na nagsilbi nuong nakalipas na taon ay nais bigyan ng KMBA ng pinansyal na suporta para sa pag-aaral ng kanilang anak o kaanan sa ilalim ng programang K-Kabataan Scholarship Program;

SAPAGKAT, ang K-Kabataan ay naipatupad na mula nuong Junyo 2014 sa pamamagitan ng Memorandum 2014-280 ng Kasaganaka Development Center Inc. (KDCI) at ngayon ito ay nagpasya na mula sa kasalukuyang taon, ang programang ito ay dapat nang akuin ng KMBA bilang benepisyo para sa mga kawani nito, kabilang ang BoT at Area Coordinators;

SAPAGKAT, nais ituloy ng KMBA ang pagpapatupad ng benepisyong ito katulad ng nakalipas na taon bilang scholarship support sa mga anak at kaanak ng mga nabanggit;

SAPAGKAT, ang benepisyo para sa K-Kabataan ay nangangailangan paglaanan ng pondo, minumungkahi na kunin ito mula sa kita ng KMBA sa programang PHILHealth at K-Kalinga;

SAPAGKAT, ang kita ng KMBA mula sa nabanggit na programa ay hindi tiyak, ang pagbibigay ng benepisyo para sa K-Kabataan ay gagawing naaayon sa kita ng tangagapan. Maaaring itong mabago o mawala, depende sa liit o laki ng kita ng KMBA;

NGAYON DAHIL DITO, napagkasunduan ng Board of Trustees sa pulong na ginanap nuong March 10, 2016 na ipatupad ang K-Kabataan Scholarship Program bilang pinansyal na suporta sa mga mag-aaral na anak o kaanak ng kawani, BoT at Area Coordinator na nagsilbi sa KMBA sa nakalipas na taon.

Sa pagpapatibay ng kapasyahang nabanggit, ang Board of Trustees ay lumagda sa resolusyong ito ngayon ika-12 ng Abril, 2016 Lungsod Quezon.

#5 Don Francisco Street, Don Enrique Heights, Brgy. Holy Spirit Commonwealth Ave., Quezon City
Telefax: (63) 990-7915
Email: kasaganaka.mba@gmail.com

KASAGANA-KA
Mutual Be

ELIZABETH N. YAYON
Pangulo

JERLENE B. PEREZ
Kalihim

MARIVIC R. LOTERTE
Miyembro

MA. JONA K. PAROLAN
Miyembro

JUDEA T. GUTIERREZ
Ingat-yaman

AILENE V. RAMOS
Miyembro

PERLA F. BATINGAL
Independent Board

Pinagtibay ni:

SILVIDA R. ANTIQUERA
General Manager

#5 Don Francisco Street, Don Enrique Heights, Brgy. Holy Spirit Commonwealth Ave., Quezon City
Telefax: (63) 990-7915
Email: kasaganaka.mba@gmail.com